# OPISINA PARA SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN CENTER NG PAGSASANAY AT TEKNIKAL NA TULONG

## UPANG TULUNGAN KANG MATULUNGAN SILA...

## ...BUMUBUO NG KAPASIDAD NA PAGLINGKURAN ANG MGA BIKTIMA NG KRIMEN

Ang Center ng Pagsasanay at Teknikal na Tulong ng Opisina para sa Mga Biktima ng Krimen (Office for Victims of Crime Training and Technical Assistance Center o OVC TTAC) ay nakatuon sa pagtulong sa mga biktima ng krimen na makaraos mula sa trauma at kawalan ng kanilang karanasan. Upang magawa ito, umaasa kami sa pambansang network ng mga consultant na may lubos na kasanayan at mga beteranong propesyonal na may direktang karanasan sa mga serbisyo para sa mga biktima. Nag-aalok kami ng mga libreng kagamitan at mapagkukunan at ng karaniwan at naka-customize na pagsasanay sa malawak na hanay ng mga espesyalidad. Ang tulong na inilalarawan sa ibaba ay nakadisenyo upang sanayin ang mga tagapagbigay ng serbisyo para sa biktima at palawakin ang pakikipag-ugnayan sa bawat komunidad, partikular na ang mga hindi sapat na napaglilingkuran.

Kung kailangan ng iyong organisasyon ng pagsasanay o teknikal na tulong sa mga wika maliban sa Ingles upang mapaglingkuran nang mas mahusay ang mga biktima sa komunidad mo, makipag-ugnayan sa amin sa TTAC@ovcttac.org upang humiling ng pagsasalin o pagpapaliwanag. Mayroong serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon para sa may mga kapansanan ang aming Call Center.

## Mga Kagamitan at Mapagkukunan

### Mga Materyal ng Magtuturo

Makakatulong sa sinumang nagsasagawa ng mga pagsasanay o gumagawa ng mga presentasyon tungkol sa kung paano tumulong sa mga biktima ng krimen ang aming mga materyal ng magtuturo. Kabilang sa mga paksa ang pagsasanay para sa mga tagapagsulong at counselor para sa sekswal na pang-aabuso, mga diskarte para sa paglilingkod sa mga biktima ng krimen na may kapansanan, epekto sa biktima, at higit pa.

**www.ovcttac.gov/InstructorMaterials**

### Mga Webinar

Nagbibigay ang Mga Webinar ng madaling paraan upang makipag-ugnayan sa isang tagapangasiwa at mga kapwa trainee sa pamamagitan ng pagtatalakay, Q&A, at pagboto ng mga kalahok. Maaari kang mag-sign up upang makilahok sa mga paparating na webinar o maaari mong tingnan ang mga na-record na bersyon ng mga nakaraang webinar. Kabilang sa mga paksa ang—

- Mga Karapatan ng Mga Biktima
- Pangangalakal ng tao
- Sekswal na Pang-aabuso sa loob ng Kampus at sa Militar
- Karahasan sa Tahanan

**www.ovcttac.gov/Webinars**

### Mga Espesyal na Pinagtutuunang Paksa

Mayroong mga materyal at mapagkukunan upang linangin ang mga praktikal na kakayahang kinakailangan para sa mga epektibong serbisyo para sa biktima sa ilang espesyal na paksa. Narito ang dalawang halimbawa ng mga iniaalok na espesyal na materyal—

- Paano makipagtulungan sa iba pang grupo at propesyonal upang tulungan ang mga nakaligtas sa Pangangalakal ng tao.
- Mga mapagkukunan para sa mga abugado upang maipagtanggol ang mga karapatan ng mga biktima at mabigyan sila ng libre o abot-kayang representasyon.

**www.ovcttac.gov/SpecialFocusAreas**

### Mga Toolkit

Nag-aalok kami ng mga toolkit na nagtatampok ng praktikal na impormasyon at mga alituntunin para sa pagbibigay ng mga de-kalidad na serbisyo para sa biktima. Kinakatawan ng mga sumusunod na toolkit ang ilan sa mga available na paksa—

- *Pambansang Network ng Tulong sa Mga Biktima ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan*
- *e-Guide ng Task Force ng Human Trafficking*

**www.ovcttac.gov/Toolkits**

JUSTICE FOR VICTIMS JUSTICE FOR ALL
Office for Victims of Crime OVC
OVCTTAC

# OPISINA PARA SA MGA BIKTIMA NG KRIMEN CENTER NG PAGSASANAY AT TEKNIKAL NA TULONG

## Pagsasanay at Tulong

### Pagsasanay

Nakadisenyo ang aming mga programa ng pagsasanay para sa mga grupo ng mga tagapagbigay ng serbisyo para sa biktima at mga kaalyadong propesyonal sa partikular na hurisdiksyon. Tumutulong silang lingangin ang kapasidad sa isang grupo ng mga lokal na provider ng serbisyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunang ito: isang Isang tagapag-ugnay sa partikular na lokasyon, mga magtuturo, materyal ng magtuturo, at manual ng mga kalahok.

**www.ovcttac.gov/Training**

### Online na Pagsasanay

Maaaring madagdagan o mapalitan ng e-learning ang pagsasanay sa partikular na lokasyon kapag nasa iba't ibang lugar ang mga kalahok o kailangan nila ng iskedyul na maaaring magbagu-bago. Tinutugunan ng aming mga programa ng e-learning ang mga paksa gaya ng—

- Pangunahing Pagsasanay sa Pagtulong sa Biktima
- Pagtulong sa Mga Biktima ng Pagnanakaw ng Pagkakakilanlan
- Advanced na Adbokasiya para sa Mga Biktima ng Sekswal na Pang-aabuso sa Militar
- Tulong para sa Mga Biktima ng Pang-aabuso sa Matatanda

**www.ovcttac.gov/OnlineTraining**

### Naka-customize na Teknikal na Tulong

Kapag hindi natutugunan ng mga karaniwang programa ng pagsasanay ang mga partikular na lokal na pangangailangan, maaari naming iangkop ang teknikal na tulong mula sa mga eksperto sa larangan sa mga paksa hinggil sa krimen, pagiging biktima, at pagtulong sa biktima.

**www.ovcttac.gov/CTA**

### National Victim Assistance Academy

Ang Academy ay isang masusi at interaktibong karanasan ng pagkatuto na naglilinang ng kaalaman at mga propesyonal na kakayahan para sa mga provider ng serbisyo para sa biktima na may isang taon man lang na karanasan. Pinaghahalo ng kurikulum ng akademya ang pagsasanay na interaktib at sumusunod sa sariling pamantayan at ang mga pinagtutulung-tulungang webinar sa pangunguna ng mga eksperto sa paksa.

**www.ovcttac.gov/NVAA**

### Mga Iskolarsip sa Propesyonal na Pag-unlad

Mayroong pampinansyal na tulong para sa mga propesyonal ng serbisyo para sa biktima at mga team na may magkakahalong espesyalidad upang mabayaran nila ang mga programa ng pagsasanay at mga pagpupulong.

**www.ovcttac.gov/PDS**

### Suporta sa Speaker

Maaaring gawing mas epektibo at mas masigla ng mga sanay na consultant ang iyong susunod na pagpupulong, sesyon ng plenary, panel, o presentasyon ng epekto sa biktima.

**www.ovcttac.gov/SpeakerSupport**

Center ng Pagsasanay at Teknikal na Tulong ng Opisina para sa Mga Biktima ng Krimen
9300 Lee Highway, Fairfax, VA 22031-6050
Telepono: 1–866–OVCTTAC (1–866–682–8822)
TTY: 1–866–682–8880
Fax: 703–225–2338 | Email: TTAC@ovcttac.org
www.ovcttac.gov
Enero 2017